# CONNECTED

FILIPINO

DISCIPLESHIP GROUP MATERIAL ON NAVIGATING FAITH IN A SOCIAL MEDIA WORLD

# Connected:

Discipleship Group Material on Navigating Faith in a Social Media World

**FILIPINO**

EVERY NATION
PRODUCTIONS

**CONNECTED: DISCIPLESHIP GROUP MATERIAL**
**ON NAVIGATING FAITH IN A SOCIAL MEDIA WORLD (FILIPINO)**
© 2022 ng Every Nation Productions

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Ronna Bonifacio, Pastor Bodie Cruz, Romeo Mercado, Pastor Sonny Oaman, Pastor Joash Paunil, Thammie Sy, Yet Uy

Inilathala at isinalin mula sa lathalaing Ingles ng EVERY NATION PRODUCTIONS

Email: productions@everynation.org.ph

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, elektroniko man o hindi, kabilang ang pagkopya sa pamamagitan ng potokapi, rekorder, at iba pang makinarya nang walang pormal na nakasulat na pahintulot mula sa EVERY NATION PRODUCTIONS.

Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Salita ng Diyos® (ASND), karapatang pag-aari © 2010 ng Biblica® at ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Binuo sa Republika ng Pilipinas

## NILALAMAN


Panimula ........ v

1. Gumawa ng Iyong Profile ........ 1
2. Gawing Personal ang Iyong Feed ........ 7
3. Makipag-ugnayan Online ........ 12
4. Ibahagi ang Iyong Kwento ........ 17

# PANIMULA

Bilang mga tagasunod ni Cristo at bilang isang grupo ng mga mananampalataya, tinawag tayo ni Pedro na mga “dayuhan” at “nakikitira lang” sa mundong ito (1 Pedro 2:9–11). Sa kasalukuyan, kabilang na sa mundong ito ang digital na realidad. Kailangan nating muling tuklasin at isipin kung paano natin maisasapamuhay ang ating pananampalataya sa mundo ng *social media*. Ano ang ibig sabihin ng pagiging nasa mundo pero hindi kabilang sa mundo at ng pagkakaroon ng bagong pagkakakilanlan at pagkamamamayan kay Cristo? Paano natin dapat harapin ang mga ito sa kasalukuyan nating digital na mundo?

Matutulungan tayo sa bagay ng ito ng aklat ng Mga Taga-Colosas. Ito ay liham na isinulat ni Pablo sa mga naguguluhang mananampalataya sa lugar na tinawag na Colosas. Sinasabing ang mga mananampalataya ay nanganganib na mag-alinlangan sa kapangyarihan, kaligtasan, at kasapatan ng Diyos. Dahil dito, ang ebanghelyo ay tila nagiging isang relihiyosong mga kasabihan na lamang—dahil ang kanilang paniniwala kay Cristo ay hindi na naaayon sa kanilang ikinikilos para kay Cristo. Upang palakasin at ilayo ang mga mananampalataya mula sa mga kaisipan at impluwensya ng kanilang henerasyon, pinayuhan sila ni Pablo ayon sa mabuting balita ng kadakilaan ni Cristo: ang Kanyang pagka-Panginoon sa lahat ng nilikha—ang pisikal at espirituwal, ang nakikita at hindi nakikita—at sa Kanya, tayo ay kumpleto o ganap na. Upang tayo ay maging ilaw sa ating digital na mundo, dapat nating matuklasan kung sino si Cristo, kung ano ang Kanyang ginawa para sa atin, at kung paano Niya tayo inaasahang mamuhay.

Ang *social media* ay karugtong na ng ating tunay na buhay. Sa pamamagitan ng babasahing ito at habang isinasapamuhay natin ang ating pananampalataya araw-araw, nawa ay maparangalan natin ang Diyos at makapagbigay tayo ng inspirasyon upang makasunod din ang iba kay Jesus.

Ang *Connected* ay isang babasahin na may apat na paksa upang matulungan ang mga indibidwal kung paano gumalaw sa digital na mundo. Sa pamamagitan nito, matututunan natin kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa kung sino tayo at kung paano natin magagamit ang ating mga *platform* o plataporma sa *social media* upang tuparin ang Kanyang layunin para sa ating buhay bilang mga indibidwal at spirituwal na komunidad.

**Para sa Victory Group Leader**

Malaki ang potensyal ng digital na mundo na maabot ang maraming tao, subalit marami rin itong mga patibong. Bilang mga Victory *group leader*, dapat tayong maging maingat kung paano tayo nakikipag-ugnayan sa *social media* at dapat ay hinihimok natin ang mga pumupunta sa ating Victory *group* na maging maingat din. Narito ang ilang mga bagay na dapat tandaan sa pakikipag-ugnayan natin sa mundong digital:

- **Dapat nating punuin ang ating mga puso ng salita ng Diyos.** Dahil laganap ang *fake news* o mga balitang walang katotohanan at ang mga maling impormasyon *online*, dapat ay matatag tayong naka-ayon sa katotohanan. Sa halip na agad-agad na tumingin sa mga *social media platform* natin, maaari nating simulan ang bawat araw sa pagbabasa ng salita ng Diyos nang may pagtitiwala na babantayan ng Kanyang katotohanan ang ating mga puso't isipan laban sa pagsalakay ng mga kasinungalingan at maling impormasyon.

- **Kinakatawan natin si Cristo online.** Hindi naman kailangan na mga pahayag mula sa Bibliya ang mga post natin para magawa ito. Nangangahulugan lamang na ang mga tugon natin sa post na hindi natin sinasang-ayunan o sa mga negatibong komentong natatanggap natin *online* ay dapat na sumasailalim sa pagka-Panginoon ni Cristo. Halimbawa, bago tayo mag-post, makakatulong kung atin muna itong pag-iisipan, ipapanalangin, at tatalakayin kasama ng iba.

- **Dapat nating unahin ang kaharian ng Diyos.** Hindi tayo dapat iniliihis ng mga personal nating mga layunin at kagustuhan mula sa pagpapalaganap ng Kanyang kaharian dito sa lupa. Samakatuwid, ang mga ginagawa natin *online* ay dapat na sumalamin sa Kanyang kaharian na nakikita sa pamamagitan ng pagmamahalan, kapayapaan, at pagkakaisa.

- **Nasa atin ang Banal na Espiritu na nagbibigay ng karunungan at pang-unawa sa lahat ng panahon.** Bago tayo mag-post o tumugon sa post ninuman, maaari tayong manalangin at hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ang ating mga salita at kilos upang maipakita kung ano ang nasa ating mga puso na nais Niyang baguhin.

- **Dapat nating patatagin ang ating mga ugnayan offline.** Ang *social media* ay isa lamang sa mga paraan upang makipag-ugnayan tayo sa mga tao. Maaari tayong makipagtalakayan *offline* at magpatatag ng mga ugnayan natin sa mga taong ang opinyon ay naiiba kaysa sa atin.

Bilang mga Kristiyano, dapat tayong umayon sa ginagawa ng Diyos sa paligid natin. Dahil ginagamit ng Diyos ang digital na mundo para sa Kanyang layunin na ibalik tayo sa Kanya, ang ginagawa natin *online* ay dapat na maging bahagi ng pagbuo ng Kanyang Iglesya at pagpapahayag tungkol sa Kanya sa buong mundo.

# 1 Gumawa ng Iyong Profile

## WARM-UP

- Bakit madalas mong puntahan at tingnan ang *social media*? Paano ka natutulungan ng *social media*?
- Magkuwento tungkol sa isang ID na tinapon, pinarehistro, o pina-renew mo kamakailan lang.
- Ibahagi ang *profile* o paglalarawan mo sa iyong sarili na nakalagay sa isa sa mga ginagamit mong *social media*.

## WORD

*15 Si Cristo ang larawan ng di-nakikitang Diyos, at siya*
*ang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. 16 Sapagkat*
*sa pamamagitan niya, at para sa kanya, nilikha ang*
*lahat ng nasa langit at nasa mundo, ang nakikita pati*
*rin ang di-nakikita, katulad ng mga espiritung naghahari*
*at namamahala, mga espiritung namumuno at may*
*kapangyarihan.* **MGA TAGA-COLOSAS 1:15–16**

*6 Dahil tinanggap n'yo na si Cristo Jesus bilang Panginoon,*
*mamuhay kayo nang karapat-dapat sa kanya. 7 Patuloy*
*kayong lumago at tumibay sa kanya. Magpakatatag*
*kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at maging*
*mapagpasalamat din kayo. 8 Mag-ingat kayo nang hindi*
*kayo madala ng walang kabuluhan at mapandayang*
*pilosopiya. Mga tradisyon lang ito at mga pamamaraan*
*ng mundo, at hindi mula kay Cristo. 9 Kaya huwag*
*kayong padadala, dahil ang kapuspusan ng Diyos ay*
*nananahan sa katawan ni Cristo. 10 At naging ganap kayo*
*sa pakikipag-isa n'yo sa kanya, na siyang pangulo ng*
*lahat ng espiritung namumuno at may kapangyarihan.*
**MGA TAGA-COLOSAS 2:6–10**

Ang *social media* ay isang pangunahing bahagi ng ating buhay. Ang teknolohiya at makabagong ideya ay nagdala ng mabilisang pakikipag-ugnayan sa halos kaninuman sa mundo natin sa

kasalukuyan. Kapag gumagawa tayo ng isang *social media account*, hinihingan tayo ng impormasyon tungkol sa ating mga sarili na magtatakda ng ating *profile* o pagkakakilanlan. Ito ba ang pananaw natin sa ating mga sarili at ganito ba tayo makikita ng ibang mga tao? Sino tayo at ano ang ating mga pinaniniwalaan? Ano ang mahalaga para sa atin? Hindi ba pabago-bago ang ipinapakita natin *online* at *offline*? Sa araling ito, babalikan natin kung sino tayo ayon sa Diyos batay sa ginawa ni Cristo sa krus.

## 1 | Iniligtas tayo ni Cristo.

*13Iniligtas niya tayo mula sa kapangyarihan ng kadiliman*
*at inilipat tayo sa kaharian ng minamahal niyang Anak. 14At*
*sa pamamagitan ng kanyang Anak, tinubos niya tayo, na*
*ang ibig sabihin ay pinatawad na ang ating mga kasalanan.*

**MGA TAGA-COLOSAS 1:13–14**

Bilang mga mananampalataya na nakatanggap ng ebanghelyo ni Cristo, dapat nating maalala kung sino nga ba si Cristo at kung ano ang ginawa Niya para sa atin, na hindi natin magagawa para sa ating mga sarili. Dati ay malayo tayo kay Cristo, patay dahil sa ating mga kasalanan, at nasa ilalim ng kadiliman (Mga Taga-Colosas 1:21–22; 2:13–14). Subalit niligtas, tinubos, at pinatawad Niya tayo. Binigyan Niya tayo ng buhay at dinala tayo sa ilalim ng mapagmahal Niyang pamamahala sa Kanyang kaharian. Ang ating estado ay nagbago at ang ating mga pinahahalagahan ay hinuhubog ng Kanyang kaharian at mga prayoridad. Paano mo ginagamit ang *social media* nang may layunin, nang hindi tinatangay ng ibang mga pagpapahalaga at prayoridad?

## 2 Isinuko natin ang ating buhay sa pagka-Panginoon ni Cristo.

*[17]Bago pa man likhain ang anumang bagay, naroon na si Cristo, at sa pamamagitan niya ang lahat ay nananatiling nasa kaayusan. [18]Si Cristo ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pinagmulan nito, ang unang nabuhay sa mga patay, para maging pinakadakila siya sa lahat.*

**MGA TAGA-COLOSAS 1:17–18**

Sa maunlad na teknolohiya at digital na kultura ngayon, madaling akalain ng mga tao na tila nalalaman nila ang lahat ng bagay, o kaya ay nakikita ang lahat ng lugar, salamat sa Google at iba pang mga pag-unlad sa teknolohiya gaya ng Google Earth. Ilang *click* o pindot lang at malalaman na natin ang gusto nating malaman o kaya ay makikita na natin ang iba't ibang mga lugar. Subalit malayo ito sa katotohanan. Tayo ay hindi *omniscient* kung kaya't hindi natin nalalaman ang lahat ng bagay, at hindi rin tayo *omnipresent* kung kaya't hindi natin nakikita ang lahat ng lugar sa lahat ng sandali. Ang Diyos lamang ang may ganitong katangian. Ang mga balita, *update*, at tugon na *real-time*, o nabibigay sa kasalukuyang oras, ay bumubuo rin ng puwang sa pagitan ng mga mamamayan at mga taong nasa awtoridad. Ang mga pinuno ay madaling napagdududahan, napag-iisipan ng masama, at namamatyagan. Ang paraang ito ng pakikipag-ugnayan sa nasa awtoridad ay taliwas sa sinasabi sa Kasulatan. Bagama't ang makasalanang sangkatauhan ay gumagamit at nakakaranas ng pang-aabuso ng kapangyarihan, taliwas dito ang Diyos. Ang Diyos ay mapagmahal at banal. Siya ang dakilang awtoridad at dahil sa Kanya, *ang lahat ay nananatiling nasa kaayusan*. Tinatawag tayo ng Bibliya na sumuko at magpasakop kay Jesus dahil Siya ang Panginoon ng lahat, at kabilang dito ang paggamit natin ng mga digital na *platform* o plataporma. Dapat tayong makipag-ugnayan kay Cristo bilang isang tapat at matatag na disipulo, na ginagabayan Niya at ng Kanyang salita at hindi ng anumang maaaring ipalit sa Kanya, kabilang na ang ating mga sarili. Sa gitna ng ingay at impluwensiya ng kasalukuyang digital na

panahon, anu-anong mga kaugalian ang nagpapalakas ng iyong pananampalataya at nagpapatatag sa iyo bilang isang tagasunod ni Jesus?

## 3 Mamuhay tayo nang lumalago at tumatatag kay Cristo.

*[6]Dahil tinanggap n'yo na si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo nang karapat-dapat sa kanya. [7]Patuloy kayong lumago at tumibay sa kanya. Magpakatatag kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at maging mapagpasalamat din kayo.* **MGA TAGA-COLOSAS 2:6–7**

Ang tanging nararapat na tugon sa kung sino si Cristo at kung ano ang ginawa Niya para sa atin ay ang sumuko sa Kanya at tanggapin Siya bilang ating Panginoon. At dahil sa mabuting balita tungkol sa Kanya at sa Kanyang ginawa, tayo ay nabigyan ng kakayahan na mamuhay kasama Niya at itatag ang ating mga buhay sa Kanya, para sa Kanyang karangalan at kaluwalhatian. Dapat na maging mas tiyak ang layunin nating palakasin ang ating pananampalataya sa Kanya at mamuhay nang may pasasalamat at kapanatagan sa Kanya. Hindi tayo dapat na madaling matangay ng kawalan ng kasiyahan at kapanatagan dahil sa nararanasan natin *online*, na kadalasan ay nagpapapakita ng mga bagay na wala tayo o nagiging dahilan upang isipin natin ang mga bagay na sa tingin natin ay magpapagaan o kukumpleto ng ating mga buhay. Kay Cristo, tayo ay ganap o buo. Sa Kanya lamang tayo magkakaroon ng kapanatagan sa buhay. Magbahagi ng mga pagkakataon kung kailan naranasan mo ang labis na paghahangad ng isang bagay na nakita mo *online* (halimbawa: isang *advertisement* o paanunsiyo, post ng isang *influencer* o taong maraming *follower* o tagasunod sa *social media*, o

kwento ng isang kaibigan). Ngayong binabalikan mo ito, ano sa palagay mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos tungkol dito?

## APPLICATION

- Ano ang ipinapakita sa iyo ng Diyos sa mga panahong ito tungkol sa kung paano mo ginagamit ang *social media*?
- May bahagi ba ng paggamit mo ng *social media* na kailangan mong isuko sa pagka-Panginoon ni Jesus?
- Sa iyong palagay, paano ka mas lalalim sa iyong ugnayan kay Cristo at mas magiging katulad Niya? Paano maisasalamin si Cristo ng mga ginagawa mo *online* kahit pa hindi relihiyoso ang paksa ng post mo?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos para sa pag-unlad ng teknolohiya at benepisyong nakukuha natin sa *social media*.
- Hingin sa Diyos ang karunungan at disiplina upang magkaroon ka ng mas matatag na paninindigan sa paggamit ng mga digital na *platform* nang may layunin at sa paraang magbibigay sa Kanya ng karangalan.
- Hingin sa Diyos na ilagay sa puso mo ang pagmamahal na mayroon Siya para sa mga tao, at bigyan ka ng kagustuhan na makipag-ugnayan at paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng iyong pamumuhay—maging *online* man o hindi.

# 2 Gawing Personal ang Iyong Feed

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong *social media* na *app*? Bakit mo ito paborito?
- Naaalala mo ba noong una kang nag-sign up o gumamit ng *social media*? Anu-ano ang mga *online* na mga gawain noong panahong iyon?
- Ano ang paborito mong libangan o pampalipas oras na ginagawa *online*?

## WORD

[6]*Dahil tinanggap n'yo na si Cristo Jesus bilang Panginoon,*
*mamuhay kayo nang karapat-dapat sa kanya.* [7]*Patuloy*
*kayong lumago at tumibay sa kanya. Magpakatatag*
*kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at maging*
*mapagpasalamat din kayo.* [8]*Mag-ingat kayo nang hindi*
*kayo madala ng walang kabuluhan at mapandayang*
*pilosopiya. Mga tradisyon lang ito at mga pamamaraan*
*ng mundo, at hindi mula kay Cristo.* [9]*Kaya huwag*
*kayong padadala, dahil ang kapuspusan ng Diyos ay*
*nananahan sa katawan ni Cristo.* [10]*At naging ganap kayo*
*sa pakikipag-isa n'yo sa kanya, na siyang pangulo ng*
*lahat ng espiritung namumuno at may kapangyarihan.*

**MGA TAGA-COLOSAS 2:6–10**

Binago ng *social media* ang ating mga buhay. Bagama't may mga ideya at kaisipan *online* na maaaring makatulong sa atin, may mga bagay din na maaaring maging mapanganib o kaya ay nakapipinsala. Kayang hubugin ng paggamit natin ng *social media* at mga digital na kagamitan ang iba't ibang pamamaraan, pagpapahalaga, at prayoridad natin, at bigyan tayo ng mga pamamaraan pagpapahalaga, at prayoridad na hindi naaayon sa kaharian ng Diyos.

Ang *social media* ay isang lugar kung saan laganap ang mga *scam* o panlilinlang, *fake news* o mga balitang walang katotohanan, at maging mga *half-truth* o mga bagay na hindi ganap na totoo. Sa kanyang liham sa mga Taga-Colosas, ipinaalala ni apostol Pablo sa iglesya na nakakaalam na ng mga pamamaraan at salita ng Diyos na maaari silang *madala ng walang kabuluhan at mapandayang pilosopiya*. Sa kasalukuyan nating pananalita, masasabi nating katulad ito ng pagiging biktima ng *scam* na dala ng mga maling paniniwala.

Bilang mga mananampalataya, paano nagagabayan ng paggamit natin ng *social media* ang ating pananampalataya? Tinatanggap ba natin ang lahat ng nakikita natin sa ating *feed o timeline*, o maaari ba natin itong limitahan o salain? Ano ang nagpapalakas sa ating kaluluwa, at paano tayo magiging mapagbantay sa mga nakikita natin at nababasa? Kung tayo ay mga tagasunod ni Jesu-Cristo, ang salita ng Diyos ang ating tagapagsala, pamantayan, at katotohanan. Kung paanong mababago natin ang pisikal na mga *setting* at *algorithm* ng mga *app* at *device* na ginagamit natin upang piliin ang mga impormasyong natatanggap natin, maaari rin nating i-filter o salain ang mga pumapasok sa ating puso at isipan gamit ang *worldview* o pananaw sa mundo na naaayon sa Bibliya. Sa pag-uusap ngayon, titingnan natin kung paano natin ito maisasapamuhay bilang mga taong gumagamit ng mga nilalaman ng digital na mundo.

## 1 | Punuin ang iyong sarili ng salita ng Diyos.

*6 Dahil tinanggap n'yo na si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo nang karapat-dapat sa kanya. 7 Patuloy kayong lumago at tumibay sa kanya. Magpakatatag kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at maging mapagpasalamat din kayo.* **MGA TAGA-COLOSAS 2:6–7**

Ang pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya ay nakakatulong upang mas makilala natin ang Diyos at maging pamilyar tayo sa Kanyang katotohanan. Kapag ang ating isipan ay puno ng salita ng Diyos, ang pagiging mapagkilatis sa mga pinaniniwalaan natin ay magiging natural na lamang sa atin.

Tulad ng Kristiyanong pamumuhay, maaari tayong maging maingat tungkol sa paggamit natin ng *social media* hindi sa pamamagitan ng pag-iwas dito kundi sa pamamagitan ng paglapit sa mga pamamaraan at sa salita ng Diyos. Paano mo nagagawang maging masigasig sa pagbabasa ng Bibliya? Ayon sa Mga Taga-Colosas 3:16, ano ang iminungkahi ni Pablo na gawin ng mga mananampalataya?

## 2 Maging maingat sa iyong mga binabasa.

*Mag-ingat kayo nang hindi kayo madala ng walang kabuluhan at mapandayang pilosopiya. Mga tradisyon lang ito at mga pamamaraan ng mundo, at hindi mula kay Cristo.*

**MGA TAGA-COLOSAS 2:8**

Mahalaga ring maunawaan kung paano gumagana ang *social media*. Kapag nakikipag-usap tayo sa ating mga kapamilya at kapatid, alam natin na ginagawa nating piliin kung ano ang tatanggapin natin bilang katotohanan at kung ano ang hindi natin paniniwalaan. Ganito rin sa *social media*. Maliban sa pagpili kung ano ang ating babasahin o papanoorin, maaari rin nating salain ang mga ideya na tatanggapin natin. Naaayon ba ito sa katotohanan ng Diyos? Ang mga *content* o nilalaman na sinulat o ginawa nang maayos ay maaaring tingnan ayon sa katotohanang sinasabi sa Bibliya. Kung maingat tayo sa *media* na binabasa o pinapanood natin—mga aklat o kaya ay mga pelikula—maaari rin tayong maging maingat sa mga *content* o nilalaman na ipinapasok natin sa ating isipan na mula sa mga digital na plataporma. Ano ang ilan sa mga tanong na itinatanong mo sa iyong sarili kapag gumagamit ka ng *social media*? Paano mo nalalaman

kung panahon na upang itigil ang pagbabasa ng ilang *digital content*?

## 3 Mamuhay sa karunungan.

*Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi mananampalataya, at samantalahin n'yo ang lahat ng pagkakataon na maibahagi ang pananampalataya n'yo.*

**MGA TAGA-COLOSAS 4:5**

Kabilang sa pagiging marunong sa paggamit ng *social media* ang karunungan sa paggamit ng oras. Ang oras ba na inilalaan natin sa *social media* ay may hindi magandang epekto sa araw-araw nating mga responsibilidad gaya ng trabaho o pag-aaral? Nakatulong ba ito o naging balakid sa pakikipag-ugnayan mo sa mga pangunahing relasyon sa iyong buhay? Paano ka magiging mas marunong sa paglalaan ng oras para sa *social media*?

## APPLICATION

- Ano ang isang personal na pamantayan o panukat sa paggamit ng *social media* ang maaari mong subukang gamitin ngayong linggo?
- Paano naapektuhan ng *social media* ang paraan mo ng pamumuhay? Ang iyong mga ugnayan? Ang mga prayoridad mo sa buhay?
- Noong nakaraang linggo, paano mo ginamit ang oras mo sa *social media*? Ano ang maaari mong baguhin ayon sa paksang tinalakay ngayong araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang salita na nagbibigay ng liwanag sa mga sitwasyon natin sa kasalukuyan. Ipanalangin na magawa mong maglaan ng mas maraming oras para sa pag-alam ng Kanyang katotohanan at magkaroon ka ng mas maigting na kagustuhang malaman ang Kanyang salita.
- Hingin sa Banal na Espiritu ang karunungan at paraan upang makita kung ano ang tama sa tuwing gumagamit ka ng *social media* at sa tuwing may mababasa kang kaisipan na hindi naaayon sa sinasabi ng Bibliya.
- Ipanalangin ang mga tao na alam mong gumagamit ng mahabang oras sa *social media*. Hingin sa Diyos ang karunungan at kabutihan ng kalooban upang malaman mo kung paano ninyo matutulungan ang isa't isa upang maging mas maalam sa paggamit ng inyong oras sa *social media*.

# 3 Makipag-ugnayan Online

## WARM-UP

- May mga *channel* o personalidad ka bang sinusundan *online*? Alin sa mga ito ang paborito mo at bakit?
- Kung kaya mong gumawa ng sarili mong *channel* sa *social media*, tungkol saan ang gagawin mo?
- Binabasa mo ba ang mga komento sa mga *product review* o pag-aanalisa ng mga produkto *online*? Bakit oo o bakit hindi?

## WORD

*[12]Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis.*
*[13]Magpasensiyahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman, dahil pinatawad din kayo ng Panginoon. [14]At higit sa lahat, magmahalan kayo, dahil ito ang magdudulot ng tunay na pagkakaisa.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:12–14**

Ipinaalala sa atin sa nakaraang dalawang aralin kung paano natin makikita ang ating mga sarili at ang *social media* sa pamamagitan ng paggamit ng Bibliya. Ang sinumang may *social media account* ay itinuturing na *content creator* o tagapaglikha ng digital na *content* dahil maaari siyang mag-post, sumagot sa mga komento ng iba, at mag-share o magbahagi ng anumang nagustuhan niya. Ang lahat ng ito ay nagiging bahagi ng mga pag-uusap *online*. Bagama't karamihan sa mga tao ay pinipiling ipakita ang kanilang buhay sa kanilang mga post, bilang mga mananampalataya, tayo ay tinawag upang sumalamin kay Cristo at maging mga patotoo Niya. Ito dapat ang ating pangunahing *filter* o pangkalahatang itsura sa tuwing ipinapakita natin ang ating mga sariling buhay. Ang pag-post *online* ay hindi dapat tungkol sa pagpapakita ng magagandang bagay tungkol sa atin, kundi tungkol sa pag-akay sa mga tao tungo kay Cristo. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng

paggawa ng mga *content* at iba pang kontribusyon *online*, at pati na rin sa pagsasalita at pamumuhay natin *offline*. Sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa liham na isinulat ni Pablo para sa mga taga-Colosas, makikita natin ang tatlong mga maaaring gawin para sa Kristiyanong pamumuhay, na magagamit din natin sa ating pag-uugali at paggamit ng *social media*.

## 1 Maging mahabagin.

*[12]Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis. [13]Magpasensiyahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman, dahil pinatawad din kayo ng Panginoon.* **MGA TAGA-COLOSAS 3:12–13**

Ang *social media* ay hindi negatibo at hindi rin positibo. Sa halip, tulad ito ng isang malakas na *speaker* na kadalasan ay nagpapahayag ng mga saloobin na nasa loob ng ating mga puso. Ipinapaalala ng pahayag na ito sa Mga Taga-Colosas ang mga pag-uugali na dapat ay mayroon tayo na mag-uudyok ng ating mga ginagawa, at ito ay maisasapamuhay din natin *online*. Ano ang nasa mga puso natin kapag tayo ay gumagawa o nagbibigay ng komento sa isang post? Ano ang tono ng ating pananalita? Ang mga ginagawa natin na *content* ay maaaring magpakita ng estado ng ating mga puso. Paano makikita *online* ang isang puso na *mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait, at mapagtiis?*

## 2 Gawin ang lahat sa ngalan ng Panginoon.

*At anuman ang ginagawa n'yo, sa salita man o sa gawa, gawin n'yo ang lahat bilang mananampalataya sa Panginoong Jesus, at magpasalamat kayo sa Diyos Ama sa pamamagitan niya.*

**MGA TAGA-COLOSAS 3:17**

Bagama't matagal na panahon na ang nagdaan nang isinulat ang Mga Taga-Colosas, ang pahayag na binanggit ay maaring gumabay sa atin sa paggawa natin ng *content*, pag-post, o pagbibigay ng mga komento *online*. Hinimok tayo na gawin ang lahat sa ngalan ng Panginoon. Nangangahulugan ito na ginagawa natin ang lahat ng bagay nang may kaalaman na kinakatawan natin si Cristo kung kaya't ang mga pag-uugali natin ay dapat na sumasalamin sa Kanyang katangian at kagustuhan. Maaaring maisip nating mag-post o gumawa ng *content* na ayon sa kung paano tayo mag-isip at magsalita (Mga Taga-Colosas 4:6). Bagama't malaya nating naipapahayag ang ating naiisip, positibo o negatibo man ito, dapat nating lubos na isipin kung ang mga sinasabi natin ay sumasalamin sa Diyos at nakalulugod sa Kanya. Hindi ito dapat makita bilang isang limitasyon. Sa halip, ito ay isang gabay na nagbibigay sa atin ng karunungan sa paggawa ng *content* o pagbibigay ng mga komento sa *social media*. Nangangahulugan ito ng pagiging kinatawan Niya sa lahat ng ating ginagawa at sinasabi at hindi lamang sa pagbabahagi *online* ng mga talata na mula sa Bibliya. Sa palagay mo, paano natin magagamit ang *social media bilang mananampalataya sa Panginoong Jesus?*

## 3 Maging kawili-wili kapag ikaw ay nagpo-post o nagbibigay ng mga komento.

[5]*Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi mananampalataya, at samantalahin n'yo ang lahat ng pagkakataon na maibahagi ang pananampalataya n'yo.* [6]*Kung nakikipag-usap kayo sa kanila, gumamit kayo ng mga kawili-wiling salita para makinig sila sa inyo, at dapat alam n'yo kung paano sumagot sa tanong ng bawat isa.* **MGA TAGA-COLOSAS 4:5–6**

Bahagi ng pagiging kawili-wili ang pagkilos nang may kabaitan at paggalang. Kawili-wili ba ang mga post o komento natin *online*? Tayo ba ay mabait at magalang? Pinag-iisipan ba natin nang mabuti ang iba kapag tumutugon tayo sa kanilang mga post o komento? Ang pagiging kawili-wili *online* ay nangangahulugan ng pagiging *mapagmalasakit* gaya ng inatasan tayong gawin (Mga Taga-Colosas 3:12). Ang pagiging *maganda ang kalooban* ay makakatulong sa atin upang alamin kung anong mga gawain *online* ang nararapat na paglaanan natin ng oras. Maaari nating tanungin ang ating mga sarili, ang mga ginagawa ko ba sa *social media* ay sumasalamin sa kung sino ako—*online* at *offline*?

## APPLICATION

- Ano ang ginawa, pinost, o kinumento mo ngayong linggo sa *social media*? Ano ang natutunan mo sa pag-uusap ngayon at paano mo ito masisimulang isapamuhay?
- Sa ilalim ng pananampalataya mo sa Diyos, aling *online* na gawain o *platform* ang may pinakamalaking hamon para sa iyo? Ano sa palagay mo ang dapat mong gawin tungkol dito simula ngayong araw?
- Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, alin sa tatlong tinalakay ang nais mong isapamuhay ngayong linggo? Ano ang kagustuhan at panalangin mo para sa mga ginagawa mo *online*?

## PRAYER

- Ipanalangin ang pagiging mapagpakumbaba, na magawa nating isipin na mas mahusay ang iba kaysa sa atin, at unahin ang ikabubuti ng iba kaysa sa personal nating kabutihan.
- Ipanalangin na sa bawat salita, post, at komento, maipahayag mo ang pagmamahal ng Diyos. Hingin sa Diyos ang Kanyang biyaya upang maipakita mo ang pagiging tulad ni Cristo—*online* at *offline*.
- Ipanalangin ang mga nakakausap mo *online*. Hingin sa Diyos na ilapit Niya sila sa Kanya at bigyan ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang Kanyang pagmamahal at katotohanan sa kanila.

# 4 Ibahagi ang Iyong Kwento

## WARM-UP

- May makatawag-pansing post o *quote* ka bang nakita kamakailan lang, na hindi mo napigilang ibahagi? Tungkol saan ito?
- Naranasan mo bang mahanap sa *social media* ang isang kaibigan o kamag-anak na matagal mo nang hinahanap? Magkuwento tungkol dito.
- Kung magsisimula ka ng isang *social media page* o grupo *online*, magiging para saan ito? Anong layunin o konsepto (halimbawa: pagpapaganda ng kalusugan, pagiging ama, o *book club*) ang pipiliin mong simulan? Bakit?

## WORD

*[2]Magpakasigasig kayo sa pananalangin nang*
*may pasasalamat, at habang nananalangin kayo*
*ingatan ninyo ang pag-iisip ninyo. [3]Ipanalangin*
*n'yo rin na bigyan kami ng Diyos ng pagkakataon*
*na maihayag ang mensahe tungkol kay Cristo na*
*inilihim noon. Ang pangangaral ko tungkol dito ang*
*dahilan ng pagkabilanggo ko. [4]Ipanalangin n'yo na*
*maipangaral ko ito nang mabuti, gaya nang nararapat.*

**MGA TAGA-COLOSAS 4:2–4**

Ang "share" button marahil ang isa sa mga pinakanakakatawag pansin sa Internet at *social media*. Anuman ang halaga ng nilalaman, isang click lamang at daan-daan (kung hindi man libu-libo) ang makakakita nito. Dahil sa *button* na ito na tila tinatawag tayong kumilos, anumang bagay ay maaaring maging *viral* o malaman ng napakaraming tao. Ito ang dahilan kung bakit ang mga gumagawa ng *content* ay laging naghahanap ng mga bagay na nakakatawag ng pansin at napapanahon.

Bilang mga tagasunod ni Jesus, inatas sa atin ang isang mensahe na dapat nating i-share o ibahagi sa mundo: ang ebanghelyo ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang mensahe ay ang kapangyarihan ng Diyos na baguhin ang mga buhay, isaayos ang mga pamilya, at baguhin ang mga bansa. Sa kabila nito, nahihirapan tayo tungkol sa kung kailan at paano natin ito ibabahagi, lalo na sa isang digital na panahon. Paano tayo makikipag-ugnayan sa mga tunay na tao na nasa kabilang panig ng *screen* at makakapagbigay ng inspirasyon sa mga tunay na disipulo sa pamamagitan ng teknolohiya? Narito ang tatlong mga panuntunan na maaaring makatulong sa atin sa paglalakbay sa *digital space* upang magawa nating makipag-ugnayan sa mga tao, mangaral ng ebanghelyo, at matulungan ang iba na maging tagasunod ni Jesus.

## 1 Masigasig na ipagpatuloy ang pananalangin.

*Magpakasigasig kayo sa pananalangin nang may pasasalamat, at habang nananalangin kayo ingatan ninyo ang pag-iisip ninyo.* **MGA TAGA-COLOSAS 4:2**

Ang pananalangin at pagiging tagapamagitan sa pananalangin ay mahalaga para sa epektibong pagpapalaganap ng ebanghelyo at sa pagdidisipulo. Dahil ang lahat ng gawaing espirituwal ay nangangailangan ng espirituwal na pinagkukunan, dapat nating palaguin ang pag-iingat sa mga pakikipag-ugnayan natin *online* na dumadaloy mula sa ating lumalagong pamumuhay nang may panananalangin. Ang kaaway ay hindi lamang basta mauupo sa tuwing ipapakita at ipapahayag natin ang mabuting balita ni Cristo, maging ito man ay *online* o *offline*. Kung kaya't pinapatatag natin ang ating mga sarili sa presensya ng Diyos sa pamamagitan ng pananalangin upang magkaroon tayo ng lakas ng loob sa ating mga pakikipag-ugnayan at ginagawa sa *social media*. Ang pagiging mapagmasid ay magiging bunga ng pamumuhay nang may pananalangin at ang pagiging mapagpasalamat ay nagpapakita sa atin ng mga pagkakataon upang maakay ang mga tao na manalig kay Jesus. Paano mo tinitiyak na lalo ka pang magiging madasalin sa paggamit mo

ng *social media*? Magbahagi ng ilang kaisipan at mga gawain tungkol sa pagpapakita ng habag sa mga naliligaw ng landas.

## 2 Maghanap ng mga pagkakataon para sa salita ng Diyos.

*Ipanalangin n'yo rin na bigyan kami ng Diyos ng pagkakataon na maihayag ang mensahe tungkol kay Cristo na inilihim noon. Ang pangangaral ko tungkol dito ang dahilan ng pagkabilanggo ko.* **MGA TAGA-COLOSAS 4:3**

Kung inihahanda tayo ng pananalangin upang makipag-ugnayan sa mga tao dala ang ebanghelyo, dapat ay maging handa tayong ipahayag ito nang may kalinawan sa tuwing tayo ay nauudyok na gawin ito. Upang maipahayag ang ebanghelyo, kailangan natin ng mga salita. Dahil dito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, dapat nating buksan ang ating mga labi at ipahayag sa mga tao ang ginawa ni Cristo para sa atin. Maaari itong magawa sa anumang panahon, maging sa digital na mundo. Ano ang ilan sa mga paraan na maipapahayag natin ang kwento ng ebanghelyo sa *social media*? Balikan ang panahon na ipinangaral mo ang ebanghelyo gamit ang teknolohiya.

## 3 Malinaw na ibigay ang mensahe.

*Ipanalangin n'yo na maipangaral ko ito nang mabuti, gaya nang nararapat.* **MGA TAGA-COLOSAS 4:4**

Ang pagbabahagi ng ating mga naiisip sa *social media* ay sumasailalim sa iba't ibang pagpapakahulugan, na maaaring maging dahilan upang hindi maunawaan ang nais nating sabihin. Maaari itong mangyari habang kinakatawan natin ang Diyos sa ating mga post o komento. Makikita natin sa panalangin ni Pablo na nais niyang ipangaral ang ebanghelyo nang may kalinawan, gaya nang dapat niyang gawin. Tulad nito, mahalagang maging malinaw ang ating mga sinasabi upang maituro natin ang mga tao kay Cristo at hindi sa ating mga sarili. Kung gaano kahalaga ang paggawa ng post o pagbibigay ng komento nang may tamang saloobin, ganoon din kahalaga ang malinaw na pagpapahayag ng ating mensahe sa paraang mauunawaan ng lahat, at hindi ng iilan lamang. Paano magbabago ang naging epekto sa iyo ng ebanghelyo kung ang mga detalye na lubos mong ipinagpapasalamat ay hindi kasama sa kwentong naibigay sa iyo?

## APPLICATION

- Gaano ka kadalas manalangin tungkol sa paggamit mo ng *social media* at mga *digital tool* at *platform*? Paano mo magagamit ang mga ito nang mas mabuti simula ngayong linggo?
- Ikaw ba ay may matatag na ugnayan sa ibang mga mananampalataya na bahagi ng iba't ibang henerasyon? Ano ang maaari mong gawin upang maitatag o mapanatili ang mga ugnayang ito?
- Paano mo magagawang maging mas mabait at mahabagin sa mga nakakausap mo *online*? Magbahagi ng isa o ilang paraan na naiisip mo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil maaari tayong makalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pananalangin. Ipanalangin na tayo ay mas maging madasalin, mahabagin, at mapagmahal maging sa paggamit natin ng *social media*.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang makatulong sa mga tao sa digital na mundo. Ipanalangin na ang mga pagkakataong ito ay magbunga ng mga tunay na ugnayan at pagdidisipulo.
- Ipanalangin ang isa't isa, at kilalanin na ang Diyos ay higit pa sa teknolohiya, at ito ay isa lamang sa mga maaari Niyang gamitin upang ibalik ang lahat sa Kanyang layunin.

*[6]Dahil tinanggap n'yo na si Cristo Jesus bilang Panginoon, mamuhay kayo nang karapat-dapat sa kanya. [7]Patuloy kayong lumago at tumibay sa kanya. Magpakatatag kayo sa pananampalatayang itinuro sa inyo, at maging mapagpasalamat din kayo. [8]Mag-ingat kayo nang hindi kayo madala ng walang kabuluhan at mapandayang pilosopiya. Mga tradisyon lang ito at mga pamamaraan ng mundo, at hindi mula kay Cristo. [9]Kaya huwag kayong padadala, dahil ang kapuspusan ng Diyos ay nananahan sa katawan ni Cristo. [10]At naging ganap kayo sa pakikipag-isa n'yo sa kanya, na siyang pangulo ng lahat ng espiritung namumuno at may kapangyarihan.* **MGA TAGA-COLOSAS 2:6–10**

Bilang mga taong nakatanggap ng bagong pagkakakilanlan at pagkamamamayan kay Cristo, tinatawag tayo ni Cristo upang mamuhay sa mundo ngunit hindi maging bahagi ng mundo. Dahil ang ating mga *platform* o plataporma sa *social media* ay naging karugtong na ng ating tunay na buhay, kabilang sa pagtawag na ito ang paraan kung paano tayo nakikipag-usap sa digital na mundo.

Ang **Connected** ay naglalayong palakasin ang mga mananampalataya at ilayo sila sa mga kaisipan at impluwensya ng kanilang henerasyon sa pamamagitan ng paghimok sa kanila na panghawakan nang mahigpit ang mabuting balita ng kadakilaan ni Cristo: ang pagka-Panginoon Niya sa buong nilikha—sa pisikal at espirituwal, sa nakikita at hindi nakikita. Bilang mga tagapagdala ng Kanyang liwanag sa digital na mundo, dapat ay muli nating matuklasan kung sino si Cristo, kung ano ang ginawa Niya para sa atin, at kung paano Niya tayo nais na mamuhay.

## MGA PAKSA

- Gumawa ng Iyong Profile
- Gawing Personal ang Iyong Feed
- Makipag-ugnayan Online
- Ibahagi ang Iyong Kwento

EVERY NATION
PRODUCTIONS